

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Muling napili ang Rehiyonal na Konsehal ng Brampton na si Rowena Santos sa FCM Board**

BRAMPTON, ON (Hunyo 4, 2021) – Sa Taunang Pangkalahatang Pagpupulong nito sa araw na ito, inanunsyo ng Federation of Canadian Municipalities (FCM) na ang Rehiyonal na Konsehal ng Brampton na si Rowena Santos ay muling nahirang sa Board of Directors nito para sa isang taon na termino, mula 2021-2022.

Ang FCM ay ang naging pambansang boses ng pamahalaang munisipyo ng Canada mula 1901. Kabilang sa mga miyembro ang higit sa 2,000 munisipalidad mula sa buong bansa, na kumakatawan sa higit sa 90 porsyento ng lahat ng Canadian. Ang kumperensya na birtwal na idinaos sa taon na ito mula Mayo 31 hanggang Hunyo 4, ay nagbigay ng pagkakataon na maitakda ng Lungsod ng Brampton ang patakaran ng FCM sa mahalagang mga isyu at para itaguyod ang suporta at pondo mula sa Pamahalaang Pederal para sa sumusunod:

- Magtatrabaho sa kasunduan ng papalit sa Kasunduan sa Muling Pagsisimula, kabilang ang pondo sa Transit operations;
- Commitment sa isang inter-regional, mas matinding kaayusan ng transit network;
- Sustenableng panustos para maipatupad ang aktibong imprastraktura at mga programa sa transportasyon;
- Mga pamumuhunan at mga pagbabago sa patakaran para umabante sa pag-angkop sa pagbabago ng klima at pagkamadaling nakakabawi; at,
- Mga pamumuhunan sa pang-ekonomiyang pag-unlad at pagbangon, tulad ng pamumuhunan sa Rogers Cybersecure Catalyst.

Ang mas maraming impormasyon tungkol sa adbokasiya ng Lungsod ay makikita sa [website ng Lungsod ng Brampton](#).

Birtwal na idinaos ang Eleksyon para sa FCM Board of Directors noong Mayo 31 at Hunyo 1 hanggang Hunyo 4 at pinagtibay sa araw na ito sa Taunang Pangkalahatang Pagpupulong ng FCM.

### **Mga Quote**

“Isang malaking karangalan na maglingkod sa FCM Board of Directors sa loob ng isa na namang termino kasama ang team ng mga pinuno ng munisipyo sa buong bansa. Sa FCM, nakatuon tayo sa pagpapalakas sa ating mga partnerships at patuloy kong itatataguyod ang mahalagang mga prayoridad para sa mga residente ng Brampton kabilang ang pagbangon ng ating ekonomiya at mga layunin sa pagbabago ng klima. Bilang nangungunang pangkat ng adokasiya ng bansa na kumakatawan sa mga munisipalidad, nagtagumpay ang FCM sa pagkuha ng panustos ng pederal para sa mga munisipalidad na nahaharap sa pinansyal na krisis dahil sa pandemya ng COVID-19 at nakipagtulungan sa Association of Municipalities of Ontario (AMO) at sa Ontario's Big City Mayors (OBCM) para ma-secure ang katumbas ng panustos ng lalawigan. Magkasama, itaguyod natin ang katangi-tanging pagka-madaling nakakabangon ng ating mga lokal na komunidad. Patuloy nating sasaliksikin kung ano ang kailangan ng ating mga lungsod at residente para umabante sa pandemya, at buuhin ang mas mabuting kinabukasan.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Lungsod ng Brampton*

“Sa ngalan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton, ipinagmamalaki ko na si Konsehal Santos ay napiling maglingkod sa ating Lungsod sa kapasidad na ito, pinapasulong ang trabahong ginagawa ng ating Konseho para matiyak na natatanggap ng Brampton ang patas na parte nito sa pondo para sa publiko ; at, ibang mga isyu na mahalaga sa mga residente ng Brampton. Nagtitiwala ako na ang sigla at commitment ni Rowena ay magtitiyak na ang boses ng ating mga redisente sa Lungsod ng Brampton at sa Rehiyon ng Peel ay maririnig, at epektibong maghahatid ng mga resulta.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)